TAMPAKAN COPPER–GOLD PROJECT
BENEPISYO SA KOMUNIDAD

Nakapaloob sa pinaplanong Tampakan Copper-Gold Project ng Sagittarius Mines, Inc. (SMI) ang isa sa pinakamalaking hindi pa naminimang deposito ng tanso at ginto sa buong mundo. Ang SMI ay kontratista ng Pamahalaan ng Pilipinas sa bisa ng isang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA).

Bilang isang Pilipinong kumpanya na may paninindigang naaayon sa pinakamataas na mga pamantayan ng sustainable development, natapos na ng SMI ang mga pag-aaral bilang bahagi ng Environmental Impact Assessment (EIA) na isinagawa ng mga local specialists at international experts.

Ang mine Environmental Impact Statement (EIS) ay inihanda alinsunod sa batas ng Pilipinas, at inihahayag nito ang resulta ng mga pag-aaral na bahagi ng EIA. Ang EIS ay kinakailangan sa aplikasyon ng Environmental Compliance Certificate (ECC) para sa Tampakan Mine Project. Maliban sa EIS, isinagawa rin ng SMI ang Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) sa tulong ng mga international experts upang maipakita na ang mga pag-aaral tungkol sa mga potensyal na environmental at sosyal na epekto ng minahan ay isinagawa alinsunod sa international standards.

Masusi naming inimbestigahan ang mga pamamaraan upang mapagaan ang mga potensyal na epekto ng Tampakan Project. Ginamit namin ang mga impormasyong ito sa pagbuo ng disenyo at planong naaayon sa pamantayan ng aming major shareholder, ang Xstrata, isang global mining group na kilala bilang sector leader sa larangan ng corporate responsibility.

Ang Tampakan Project ay may potensyal na makapagdulot ng makatotohanang pag-unlad sa sosyal at pang-ekonomiyang kalagayan para sa mga mamamayan ng southern Mindanao at Pilipinas.

Kung matutuloy, ang Tampakan Project ay makalilikha ng mga benepisyong pang-ekonomiya na magpapa-unlad sa lokal, rehiyunal at nasyunal na ekonomiya.

Makapagbibigay din ito ng oportunidad para sa malakihang benepisyong sosyal na dadaloy sa lokal na komunidad at mga kalapit na lugar.

KAUNLARAN NG KOMUNIDAD

Ayon sa mga pag-aaral, kung matutuloy ang Tampakan Project, ang royalty at direktang kontribusyon na mapupunta sa mga indigenous communities at lokal na komunidad ay hihigit sa PhP39.8 bilyon[1] (nominal) sa kabuuang operasyon ng minahan.

Bahagi nito ay direktang mapupunta sa lokal na pamahalaan upang suportahan ang mga programa at serbisyo sa komunidad. Ang ibang bahagi ay gagamitin ng SMI sa pagpapatupad ng Social Development Management Plan (SDMP).

Makikipagtulungan din ang SMI sa mga indigenous communities at National Commission on Indigenous Peoples upang makabuo at makapagpatupad ng Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plan (ADSDPP).

Sinisiguro ng SDMP at ADSDPP na ang mga komunidad ay makikinabang sa mga oportunidad na dulot ng Tampakan Project.

RESETTLEMENT

Kung matutuloy ang Tampakan Project, at upang matiyak ang kaligtasan ng komunidad at manggagawa, kakailanganin ng SMI ang ekslubong paggamit sa mga lugar na napapaloob sa pinaplanong final mine area. Dahil dito, kinakailangan na mailipat ng tirahan ang mga nakatira sa loob ng lugar.

Alam ng SMI na may mga negatibo at positibong epekto ang anumang resettlement. Sa pagsasagawa ng Resettlement Action Plan (RAP), titiyakin ng SMI na sundin ang mga pamantayan ng International Finance Corporation tungkol sa resettlement.

Ang mga resettlement sites na lilipatan ng mga apektadong residente ay makapag-bigay sa kanila ng mas magandang kondisyon ng pamumuhay. Magkakaroon ng malawakang konsultasyon sa mga apektadong residente sa pagbuo ng RAP. Ilalahad din ng SMI ang mga potensyal na epekto at benepisyo sa mga resettlement sites.

ANG KONTRIBUSYON NG SMI SA KASALUKUYAN

Hindi pa man naaaprubahan ang Tampakan Project, sumusuporta na ang SMI sa mga programa ng komunidad. Noong 2010, naglaan kami ng PhP135 milyon (USD3.03 milyon) sa mga programa para sa komunidad, kagaya ng:

- Suportang pinansyal para sa mga estudyante sa elementarya, sekundarya at kolehiyo
- Pagpapatupad ng Foundation Program sa maraming paaralang elementarya upang lalong mapag buti ang edukasyon ng mga mag-aaral
- Suportang pangkalusugan para sa libu-libong residente
- Programang pangkabuhayan kagaya ng makabagong teknolohiya sa pagsasaka, pananahi at iba pang mga proyektong makakatulong upang mapagbuti ang kabuhayan
- Pagtatanim at pamimigay ng mga tree seedlings na umabot sa mahigit 600,000 simula 2005.

SOCIAL DEVELOPMENT MANAGEMENT PLAN (SDMP)

Ang SDMP ay isang komprehensibong planong kinakailangang ihanda ng mining companies ayon sa batas ng Pilipinas. Inilalahad ng SDMP ang mga programa at proyekto upang itaguyod ang pangkalahatang kaunlaran ng mga komunidad na apektado ng pagmimina.

Ang mga programang kinikilala ng batas bilang bahagi ng SDMP ay ang mga sumusunod:

- Pagpapaunlad sa human resource at institution building sa lokal na komunidad
- Enterprise development activities na tutulong sa paglikha ng kita
- Pagpapaunlad sa lokal na imprastraktura at pasilidad
- Suportang pang-edukasyon
- Suportang pangkalusugan
- Proteksyon sa kultura at kaugaliang mahalaga sa komunidad

Ipinapatupad ang SDMP sa pagsisimula ng pagmimina at mananatili ito sa kabuuang operasyon ng minahan.

Sa pamamagitan ng SDMP, nilalayon naming maging responsableng katuwang ng lokal na komunidad sa pagkamit ng kanilang mithiin para sa magandang hinaharap.

ANCESTRAL DOMAIN SUSTAINABLE DEVELOPMENT AND PROTECTION PLAN (ADSDPP)

Ang ADSDPP ay naglalayong itaguyod ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng mga indigenous communities sa loob ng apektadong ancestral domain. Inilalahad ng ADSDPP ang mga prayoridad na proyekto at programang tinukoy ng indigenous community. Layon nito na makatulong sa pagpapabuti ng komunidad.

Binubuo ang ADSDPP kasama ang National Commission on Indigenous Peoples at isinasama sa development plan ng lokal na pamahalaan. Ang ADSDPP ay kailangang regular na i-review ng komunidad.

Ang royalty na matatanggap mula sa Tampakan Project ay maaaring gamitin upang ipatupad ang ADSDPP.

MGA KADALASANG KATANUNGAN

Paano ninyo mapangasiwaan ang mga epekto sa komunidad kapag nag-umpisa na ang pagmimina?

Ang SMI ay magsasagawa ng Social Impact Management Plan (SIMP) upang matiyak na mapangasiwaang mabuti ang mga epekto ng mina sa komunidad. Napapaloob sa SIMP ang sistema sa pag-monitor at pagsusuri sa mga isasagawang programa at proyekto sa komunidad. Ang sistemang ito ay naaayon sa pamantayan ng sustainable development at ng aming major shareholder na Xstrata Copper.

Ano ang mangyayari matapos isara ang minahan?

Nakapagbuo na ng plano para sa mine closure o pagsasara ng minahan. Ang mga epekto ng pagsasara ay mapagaan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga programang idinisenyo upang masiguro ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng komunidad.

Paano nakikipag-ugnayan ang SMI sa mga katutubo o IPs?

Kapag nakikipag-ugnayan sa mga katutubo at iba pang mga apektadong residente o komunidad, iginagalang ng SMI ang kanilang dignidad, karapatang pantao, adhikain, kultura at likas na pinagkukunan ng kabuhayan. Sumusunod din kami sa mga pandaigdigang pamatayan at tumutulong sa pagsasabuhay ng Voluntary Principles on Security and Human Rights.

MGA BENEPISYO NG TAMPAKAN PROJECT

Sa pakikipagtulungan sa aming stakeholders, ang Tampakan Project ay maaaring makapagdulot ng mas magandang kinabukasan para sa southern Mindanao. Kung matutuloy, ang Tampakan Project ay makapaglilikha ng mga benepisyong makapagpapasigla sa lokal, rehiyunal at nasyunal na ekonomiya.

Kabilang sa mga benepisyo na maaaring mapunta sa rehiyon ang mga sumusunod:

- Taunang kontribusyon na PhP134 bilyon[1] (average) sa gross domestic product (GDP) ng Pilipinas magmula sa konstruksyon hanggang matapos ang pagmimina - katumbas ng karagdagang 1% sa taunang GDP ng bansa
- Kabuuang kita ng pamahalaan (nasyunal at lokal) mula sa buwis at bayarin na humigit-kumulang PhP307 bilyon[2] (nominal) sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Royalty at direktang kontribusyon na mahigit sa PhP39.8 bilyon[3] (nominal) para sa mga lokal na katutubong grupo at lokal na komunidad sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Direktang trabaho para sa humigit-kumulang 10,000 manggagawa sa konstruksyon at 2,000 manggagawa sa panahon ng operasyon
- Pagkuha ng serbisyo ng mga lokal na kontratista at kumpanya na syang magbibigay ng karagdagang oportunidad para sa trabaho.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Bago masimulan ang konstruksyon, kailangan ng SMI ang pahintulot mula sa pamahalaan, lokal na komunidad at shareholders nito.

Upang maisakatuparan ang Tampakan Project, kailangan naming patuloy na makipagtulungan sa aming stakeholders. Ipagpapatuloy namin ang bukas na pakikipag-usap at konsultasyon, lalo na sa mga mayroong pag-aalala at katanungan tungkol sa aming pinaplanong pagmimina.

Ang mga komento ay isasaalang-alang sa paggawa ng plano upang matiyak na ang Tampakan Project ay maaaring maging modelo ng responsableng operasyon ng malakihan at modernong pagmimina sa Pilipinas, kasama ang pagpapatupad ng international standards sa resettlement, konsultasyon sa mga katutubo at EIA.

External Relations Unit
Sagittarius Mines, Inc. (SMI)
02 8563021 (Makati)
083 5548414 (General Santos)
Email: externalrelations@smi.com.ph | www.smi.com.ph

[1]USD2.8 bilyon. [2]USD6.4 bilyon. [3]USD830 milyon. (Base sa exchange rate na USD1 = PhP48). Disclaimer: Ang laman nitong dokumento ay wasto base sa pagkaka-alam ng SMI, sa oras ng paglimbag nito (May 2011).